# WHO IS GOD?
# WHO IS JESUS CHRIST?

English
Tagalog

## Sino ang Diyos? Sino si Hesukristo ?



Answers for Parents, Kids and New Believers

**Mga sagot para sa mga Magulang, mga Bata, at mga Bagong Mananampalataya**

Maria T. Nagel



YouTube: https://www.youtube.com/channel/UCen8re18TEWkN9yjP_1JBkA/playlists
Facebook: https://www.facebook.com/maria.hebga
Instagram: https://www.instagram.com/mariagrace333/
PayPal: PayPal.Me/MariaTNagel

**Who is God? Who is Jesus Christ? Answers for Parents, Kids and New Believers**

Copyright © 2019 by Maria T. Nagel.
All rights reserved. No portion of this book may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means, except for brief quotations in printed reviews, without prior permission from the author. Requests for information should be addressed to the author:

blessed-books@outlook.com
www.iBless.it

Text and Illustrations by Maria T. Nagel.
Book conception, design and creation by Maria T. Nagel.
Self-published through Blurb,Inc. 2019

Editing by ChristianEditingServices.com.

Scripture quotations marked ESV are taken from the English Standard Version (ESV) The Holy Bible, English Standard Version. ESV® Text Edition: 2016. Copyright © 2001 by Crossway Bibles, a publishing ministry of Good News Publishers.

Scripture quotations marked NIV are taken from the New International Version (NIV) Holy Bible, New International Version®, NIV® Copyright ©1973, 1978, 1984, 2011 by Biblica, Inc.® Used by permission. All rights reserved worldwide.

Scripture quotations marked NKJV are taken from the New King James Version®. Copyright © 1982 by Thomas Nelson. Used by permission. All rights reserved.

Scripture quotations marked NLT are taken from the New Living Translation (NLT) Holy Bible, New Living Translation, copyright © 1996, 2004, 2015 by Tyndale House Foundation. Used by permission of Tyndale House Publishers, Inc., Carol Stream, Illinois 60188. All rights reserved.

Tagalog translation by Micaela Papa.
Tagalog scripture quotations are taken from:
https://www.biblegateway.com/
**Salita ng Diyos (1998) – Bibles International**
https://biblehub.com/
https://newchristianbiblestudy.org/
**Ang Dating Biblia (1905)**
https://www.bible.com/
**Magandang Balita Bible (2005)**

**DISCLAIMER**

The featured images are artistic expressions of the illustrator and therefore not intended to be used as religious objects of worship or veneration.

**PAUNAWA**


Ang mga itinatampok na larawan ay masining na pagpapahayag ng ilustrador at samakatuwid ay hindi nilalayong gamitin bilang relihiyosong mga bagay ng pagsamba o paggalang.

## THE TRINITY

Our God, the Creator of heaven and earth is three divine persons in one.
How is that possible, you might ask and who exactly are the three persons?

They are:

**God the Father**
**God the Son - Jesus Christ**
**God the Holy Spirit**



To explain it further, let's take a triangle for example.
The triangle shown here is a shape made of three equal sides.
One shape. Three equal sides.

It is similar with God.
One God. Three divine persons.
Our God is three in one.

## BIBLE VERSES

May the grace of the Lord Jesus Christ, and the love of God, and the fellowship of the Holy Spirit be with you all. (2 Corinthians 13:14) NIV

Therefore go and make disciples of all nations, baptizing them in the name of the Father and of the Son and of the Holy Spirit. (Matthew 28:19) NIV



## ANG TRINIDAD

Ang ating Diyos, ang may-likha ng langit at lupa, ay tatlong banal na persona sa loob ng iisa. Paano ito posible, maari mong maitanong, at sino mismo ang tatlong personang ito?

Sila ang:
**Diyos Ama**
**Diyos Anak – Hesu Kristo**
**Diyos Espiritu Santo**

Upang lubos pa itong maipaliwanag, gamitin nating ehemplo ang tatsulok.
Ang tatsulok na ipinakikita rito ay isang hugis na gawa sa tatlong pantay na panig.
Isang hugis.Tatlong pantay na panig.
Hawig ito sa Diyos.
Isang Diyos. Tatlong banal na persona.
Ang ating Diyos ay tatlo sa iisa.

### Mga Talata sa Bibliya

Ang biyaya ng Panginoong Hesukristo, at ang pagibig ng Diyos, at ang pakikipisan ng Espiritu Santo ay sumainyo nawang lahat.
(2 Mga Taga-Corinto 13:14)
Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo. (Mateo 28:19)

## GOD THE CREATOR OF HEAVEN AND EARTH

God who created you and everything we see
and don’t see, loves you very much and
has a great plan for your life.

## BIBLE VERSES

Anyone who does not love does not know God,
because God is love. (1 John 4:8) ESV

For I know the plans I have for you, says the LORD.
They are plans for good and not for disaster, to give you
a future and a hope. (Jeremiah 29:11) ESV



## DIYOS ANG MAY-LIKHA NG LANGIT AT LUPA

Ang Diyos na lumikha sa iyo at sa lahat ng ating nakikita at di nakikita, ay minamahal ka nang lubusan at may dakilang plano para sa iyong buhay.

### Mga Talata sa Bibliya

Ang hindi umiibig ay hindi nakakakilala sa Diyos; sapagka't ang Diyos ay pag-ibig.  (1 Juan 4:8)


Sapagkat batid kong lubos ang mga plano ko para sa inyo; mga planong hindi ninyo ikakasama kundi para sa inyong ikabubuti. Ito'y mga planong magdudulot sa inyo ng kinabukasang punung-puno ng pag-asa. (Jeremias 29:11)

## JESUS CHRIST

God sent His Son Jesus Christ to save us, teach us, heal us and show us how to also become sons and daughters of God .

## BIBLE VERSES

For God loved the world so much that he gave his one and only Son, so that everyone who believes in him will not perish but have eternal life. (John 3:16) NLT



## HESUKRISTO

Pinadala ng Diyos ang kanyang Anak, si Hesukristo, upang tayo'y iligtas, turuan, pagalingin, at ipakita sa atin kung paano maging mga anak din ng Diyos.

## Mga Talata sa Bibliya

Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang nag-iisang Anak, upang ang sinumang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. (Juan 3:16)

# THE HOLY SPIRIT

The Holy Spirit is a person like Jesus Christ.
The Holy Spirit is the third person of the Trinity.
When you accept to follow Jesus Christ, the Holy Spirit comes to live in you.

♥ He is a gentle teacher who teaches you right from wrong.

♥ He is a great friend who always says the truth.

♥ He is a loving comforter who helps you get better when you are sad.

♥ He passionately prays for you.

## BIBLE VERSES

Do you not know that your bodies are temples of the Holy Spirit, who is in you, whom you have received from God? (1 Corinthians 6:19) NIV

But the Helper, the Holy Spirit, whom the Father will send in My name, He will teach you all things, and bring to your remembrance all things that I said to you. (John 14:26) NKJV

And I will pray the Father, and He will give you another Helper, that He may abide with you forever (John 14:16-17) NKJV

In the same way, the Spirit helps us in our weakness. We do not know what we ought to pray for, but the Spirit himself intercedes for us through wordless groans. And he who searches our hearts knows the mind of the Spirit, because the Spirit intercedes for God's people in accordance with the will of God. (Romans 8:26-27) NIV



## ANG ESPIRITU SANTO

Ang Espirito Santo ay isang persona tulad ni Hesukristo.
Ang Espiritu Santo (Banal na Kaluluwa) ay ang ikatlong persona ng Trinidad.
Kapag tinanggap mo ang pananampalataya kay Hesukristo, darating ang Espiritu Santo upang mamuhay sa loob mo.

Siya ay mabait na gurong tuturuan kang kumilala ng tama mula sa mali.
Siya ay isang dakilang kaibigan na laging nagsasabi ng totoo.
Siya ay mapagmahal na mangaaliw na tutulungan kang makabangon tuwing ika'y nalulungkot.
Siya ay marubdob na magdadasal para sa iyo.

## Mga Talata sa Bibliya

O hindi ba ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Diyos? (1 Mga Taga-Corinto 6:19)
Datapuwa't ang Mangaaliw, sa makatuwid baga'y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo'y aking sinabi.
(Juan 14:26)

Hihiling ako sa Ama at bibigyan niya kayo ng ibang Tagapayo upang siya ay manatili sa inyo magpakailanman. Ang Tagapayong ito ay ang Espiritu ng Katotohanan.
(Juan 14:16-17)


Sa parehong paraan, ang Espiritu ay tumutulong sa ating panahon ng kahinaan. Hindi natin alam kung ano ang ating dapat ipagdasal, pero ang Espiritu mismo ang mamamagitan para sa atin sa pamamagitan ng mga walang-salitang daing. At siya na susuri sa ating puso ay alam din ang isipan ng Espiritu, dahil ang Espiritu ang namamagitan para sa mga anak ng Diyos ayon sa iniatas ng Diyos.
(Mga Taga-Roma 8:26-27)

## THE BIBLE

The powerful words in the Bible are God's words. They teach us how to live a life that pleases God. The Bible also tells of true stories of men, women and children who lived before us. Each one of these stories was written in the Bible so we can learn from them.

## BIBLE VERSES

All Scripture is inspired by God and is useful to teach us what is true and to make us realize what is wrong in our lives. It corrects us when we are wrong and teaches us to do what is right. (2 Timothy 3:16) NLT




## ANG BIBLIYA

Ang mga makapangyarihang salita sa Bibliya ay ang mga salita ng Diyos. Itinuturo nila kung paano tayo mamumuhay nang ikalulugod ng Diyos. Ang Bibliya ay nagsasaad din ng mga tunay na kuwento ng mga lalaki, babae at kabataan na namuhay bago sa atin. Bawat isa sa mga kuwentong ito ay isinulat sa Bibliya upang tayo ay matuto mula sa kanila.

## Mga Talata sa Bibliya

Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos, at mapakikinabangan sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagtatama sa maling katuruan, sa pagtutuwid sa likong gawain at sa pagsasanay sa katuwiran.
(2 Timoteo 3:16)


## YOU ARE PRECIOUS TO GOD

God’s eyes are always on you, because you are very precious to him. God even knew you before you were born.

### BIBLE VERSES

O Lord, you have examined my heart
and know everything about me.
You know when I sit down or stand up.
You know my thoughts even when I’m far away.
You see me when I travel
and when I rest at home.
You know everything I do.
You know what I am going to say
even before I say it, Lord.
You go before me and follow me.
You place your hand of blessing on my head.
(Psalm 139:1-5) NLT

I knew you before I formed you in your mother's womb. Before you were born I set you apart and appointed you as my prophet to the nations. (Jeremiah 1:5) NLT



**IKAW AY NATATANGI SA DIYOS**

Laging nakatuon sa iyo ang mga mata ng Diyos, dahil ikaw ay natatangi para sa kanya. Kilala ka na nga ng Diyos bago ka pa ipinanganak.

## Mga Talata sa Bibliya

O Panginoon, iyong siniyasat ako, at nakilala ako.
Iyong nakikilala ang aking pag-upo at ang aking pagtindig, iyong nauunawa ang aking pagiisip sa malayo.
Iyong siniyasat ang aking landas at ang aking higaan, at iyong kilala ang lahat kong mga lakad.
Sapagka't wala pa ang salita sa aking dila, ngunit, narito, O Panginoon, natatalastas mo nang buo.
Iyong kinulong ako sa likuran at sa harapan, at inilapag mo ang iyong kamay sa aking ulo at biniyayaan ako. (Mga Awit 139:1-5)


Bago kita inanyuan sa tiyan ay nakilala kita, at bago ka lumabas sa bahay-bata ay pinapaging banal kita; inihalal kitang propeta sa mga bansa. (Jeremias 1:5)

## JESUS WANTS TO BE YOUR FRIEND

Jesus loves you and wants to be your friend. By learning and doing what Jesus teaches in the Bible, we can live a life that pleases God and helps others  in many different ways.

## BIBLE VERSES

Jesus told him, "I am the way, the truth, and the life. No one can come to the Father except through me.” (John 14:6) NLT



## HAYAANG MAGNINGNING ANG IYONG LIWANAG

Mahal ka ni Jesus at nais niyang maging iyong kaibigan. Sa pamamagitan ng pagtuto at paggawa ng mga aral ni Hesus sa Bibliya, maari tayong mamuhay sa gawing ikalulugod ng Diyos at makatutulong sa iba sa maraming iba't ibang paraan.

### Mga Talata sa Bibliya

Sinabi sa kaniya ni Jesus, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay: sinuman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko." (Juan 14:6)

# LET YOUR LIGHT SHINE

**God placed a light in your heart. Let it shine.**

God who loves you so much placed a light in your heart. This light is there to help you and others to live a life that pleases God. Let your light shine and be an example for others.

## BIBLE VERSES

Let your light shine before others, so that they may see your good works and give glory to your Father who is in heaven. (Matthew 5:16) ESV



## HAYAANG MAGNINGNING ANG IYONG LIWANAG

Ang Diyos ay naglagay ng liwanag sa iyong puso. Hayaan mo itong magningning.

Sa labis na pagmamahal sa iyo ng Diyos, naglagay siya ng liwanag sa iyong puso. An g liwanag na ito ay para tulungan ka at ang iba pa na mamuhay nang naaayon sa ikalu- lugod ng Diyos.

## Mga Talata sa Bibliya

Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit. (Mateo 5:16)

## GOD LOVES MUSIC

Our God is a happy God. His heart is full of joy and laughter.

Sing to God. Play your instrument for God. He loves when you praise him. He created music. You don't have to sing perfectly. You don't even have to play an instrument perfectly. If you do, that's great, but if you don't, don't worry.

Dance for God like King David did. You can dance with or without music. And if you can't dance, it doesn't matter because it's not a competition, but a love offering to God.

## BIBLE VERSES

Let them praise his name with dancing
and make music to him. (Psalm 149:3) NIV

Oh, sing to the Lord a new song!
Sing to the Lord, all the earth.
Sing to the Lord, bless His name.
(Psalm 96:1–2) ESV



## GUSTO NG DIYOS ANG MUSIKA

Ang ating Diyos ay masayahing Diyos. Ang kanyang puso ay napupuno ng kagalakan at tawanan.

Awitan mo ang Diyos. Tugtugin ang iyong instrumento para sa Diyos. Nagugustuhan niya kapag siya'y iyong pinupuri. Hindi kailangang perpekto ang iyong pag-awit. Ni hindi nga kailangang perpekto ang pagtugtog mo ng instrumento. Kung gayon nga, mainam, pero kung hindi, huwag kang mag-alala.

Magsayaw para sa Diyos tulad nang ginawa ni Haring David. Maaari kang magsayaw nang mayroon o walang tugtugin. At kung hindi ka marunong magsayaw, hindi ito mahalaga dahil hindi ito isang paligsahan kundi isang pag-aalay ng pag-ibig sa Diyos.

### Mga Talata sa Bibliya

Purihin nila ang kaniyang pangalan sa sayaw at magsiawit sila ng mga pagpuri sa kaniya (Mga Awit 149:3)

O magsiawit kayo sa Panginoon ng bagong awit: magsiawit kayo sa Panginoon, buong lupa.

Magsiawit kayo sa Panginoon, purihin ninyo ang pangalan niya.

(Mga Awit 96:1-2)

## GOD HAS GIVEN YOU ANGELS

You are very important and precious to God that's why He has given you angels to watch over you and protect you.

## BIBLE VERSE

He will order his angels to protect you wherever you go. (Psalm 91:11) NLT



## BINIGYAN KA NG DIYOS NG MGA ANGHEL

Ikaw ay lubos na mahalaga at natatangi sa Diyos kaya nagbigay siya ng mga anghel upang gabayan at pangalagaan ka.

## Mga Talata sa Bibliya

Sapagka't siya'y magbibilin sa kaniyang mga anghel tungkol sa iyo, upang ingatan ka sa lahat ng iyong mga lakad. (Mga Awit 91:11)

# GOD PROTECTS, HEALS AND COMFORTS


If you are sad, God will comfort you. If you are ill, God will heal you. If you are afraid, God will give you strength. If you are in danger, God will protect you. And if you have problems, God will help you.

## BIBLE VERSES

**Don’t worry.**
Let not your hearts be troubled. Believe in God.
(John 14:1) ESV

**Don’t be afraid.**
Fear not, for I am with you;
be not dismayed, for I am your God;
I will strengthen you, I will help you,
I will uphold you with my righteous right hand.
(Isaiah 41:10) ESV

**God is your healer.**
He heals the brokenhearted
and binds up their wounds.
(Psalm 147:3) NIV



## ANG DIYOS AY NAGPOPROTEKTA, NAGPAPAGALING AT NANG-AALIW

Kung ikaw ay malungkot, aaliwin ka ng Diyos. Kung ikaw ay may sakit, pagagalingin ka ng Diyos. Kung ikaw ay natatakot, ang Diyos ay bibigyan ka ng lakas. Kung ikaw ay nasa panganib, poprotektahan ka ng Diyos. At kung ikaw ay may mga problema, tutulungan ka ng Diyos.

### Mga Talata sa Bibliya

**Huwag mag-alala.**
Huwag mabalisa ang inyong mga puso. Manampalataya kayo sa Diyos.
(Juan 14:1)

**Huwag matakot**
Huwag kang mangamba, sapagka't ako'y sumasaiyo; huwag kang manglupaypay, sapagka't ako'y iyong Diyos; aking palalakasin ka, aking tutulungan ka, aking aalalayan ka ng kanang kamay ng aking katuwiran.
(Isaias 41:10)

**Ang Diyos ang iyong tagapagpagaling**
Kaniyang pinagagaling ang mga may bagbag na puso, at tinatalian niya ang kanilang mga sugat.(Mga Awit 147:3)

This bilingual book is a must-have to introduce children and new Believers to Christianity. In a simple and captivating way, the readers will receive answers to questions such as: Who is God? Who is Jesus Christ? Who is the Holy Spirit? Readers will love the heartwarming illustrations and appreciate the scriptures provided to support the sound Bible teachings on every page.

Parents, churches, Christian institutions and Christian organizations hoping to help children and new Believers grow in their faith, will find this book essential for their library.

Ang bilingguwal na librong ito ay napakahalaga upang ipakilala ang mga bata at mga bagong mananampalataya sa Kristiyanismo. Sa simple at nakabibighaning paraan, ang mga mambabasa ay makatatanggap ng mga sagot sa mga katanungan tulad ng: Sino ang Diyos? Sino si Hesukristo? Sino ang Espiritu Santo? Magugustuhan ng mga mambabasa ang mga kaiga-igayang dibuho at pahahalagahan nila ang mga banal na kasulatang kalakip upang suportahan ang malalim na mga turo ng Bibliya sa bawat pahina.

Matatagpuan ng mga magulang, mga simbahan, at mga Kristiyanong institusyon at organisasyon na umaasang matulungan ang mga bata at mga bagong mananampalatayang lumagom ang kanilang paniniwala na higit na mahalaga ang bilingguwal na librong ito para sa kanilang aklatan.